# Folsom Streetscape Project

## Mga Karaniwang Tanong

1. Ano ang Proyektong Folsom Streetscape?

   Ang Proyektong Folsom Streetscape ay isang makapagbabagong-anyong Buong Kalsadang proyekto na higit na makapagpapahusay ng kaligtasan sa trapiko at kakayahang mabuhay sa Kapitbahayang San Francisco's South of Market (SoMa).

   Kabilang sa proyekto ang mga sumusunod na pagpapaganda sa kaligtasan 1. Mga pagpapaganda ng daanang pambisikleta kasama ang pangmatagalang dalawang-daang hiwalay na daanan ng bisikleta pinangangalagaan ng sementong panghiwalay, mga pangsenyas ng trapiko at pambisikleta, binawasang daan ng karaniwang tatlo at apat na panglalayag na daanan sa dalawa papuntang silangang mga  daanang may panglayag na daan, muling lumitaw na daanan at mga pinangalagaang sangangdaan; 2. Pinagandang daang pantao kabilang ang mga pinataas na tawiran, mga rampa sa gilid ng bangketa, mga pinailawang tabingdaan, at mga senyas na gitnang daan, pinaghusay na senyas pangtrapiko, sumusunod sa ADA sakayang pantaong may rampang pang wheelchair, at pinailaw na pantay sa pangkalsada at pantaong daan; 3. Civic Amenity Zones mga Pantaong Panlibang na Daanan kabilang ang mga bagong puno, mga tanim, pangkalsadang kasangkapan, tawirang palamuti at mga eskinita, at mga makasaysayang plake; 5. mga pinagandang paglilingkod ng Muni at imprastruktura ma kabilang ang mga bagong ligtas na sakayang lugar at mga silungang pambus; 4. Pinahusay na tubig bagyong imprastruktura at kagamitan na kabilang ang pangtanawing pagsasaayos na sumasalo ng umapaw na tubig bagyo.

2. Paano makikibang ang aking pamayanan sa proyektong ito?

   Ang Proyektong Folsom Streetscape ay pinakamahalagang bahagi sa Balaking Gitnang SoMA sa 2018 ng San Francisco na kabilang ang pagdaragdag ng mga pabahay at hanapbuhay sa susunod na 25 taon. Ang proyekto ay nagtataguyod sa Balakin sa pamamagitan ng pinagandang ng disenyo ng kalsadang nagpapahusay sa paglilingkod sa paglago ng kapitbahayan at paglilipat mula sa isang pagawaang sambayanan sa isang puntahang pang-aliw, kultural at pang ekonomiya.

3. Ang proyektong ay kabilang ang isang "road diet" na nagbabawas ng karaniwang tatlo hanggang apat na daanan sa dalawang daana. Napag-isip isip  ba ng inyong tauhan ang kalalabasan ng pagpapatupad ng road diet sa Folsom Street?

   Ang road diet ay isang makabagong muling pagsasaayos ng daang nagpapaganda sa kaligtasan ng trapiko, nagtataas sa kahusayan ng buhay sa lugar, at nagsusulong sa paglago ng ekonokmiya ng lugar. Bunga nito ang pagpapaganda ng kaligtasan ng kalsada ay magapapabagal sa bilis ng mga sasakyan at mababawasan ang malubha at nakasasawing mga banggan sa pagitan ng mga nagmamaneho, taong naglalakad, nagbibisikleta, at ibang mga gumagamit ng kalsada. Ang pangkat ng proyekto ay pinag-aralan ang kalalabasan ng pagpapatupad ng isang road diet sa Folsom Street at tagal ng takbo ng mga sasakyan at ang paglilipat ng trapiko sa mga katabing kalsada ay hindi

lubhang makakasama sa kapitbahayan. Isa sa mga hangarin ng proyekto ang matiyaj na ang kaligtasan ng mga taong naglalakad at mga nagbibisikleta sa buong araw; ang isang road diet ay titityak sa pangangalaga ng kaligtasan ng trapiko ay makakamit kahit sa abalang oras ng trapiko sa umaga at gabi.

4. Saan babagay ang aking mga saloobin sa proyektong ito?

   Ang kalalabasan ng proyektong ito ay bunga pangmalayuang pagsisikap ng pamayanang may higit sa 400 taong dumalo sa open houses , 1,300 mga tugon sa pagsusuri, at pansariling pakikipagpulong sa higit sa 100 negosyo at 20 pangkat sa pamayanan. Ang pagpaplanong yugto ng proyekto ay inumpisahan noong 2016 at ang pangkat ng proyekto ay nagsagawa na paunang pagpupulong ng mga stakeholder upang ipakilala ang proyekto, bago binuo ng mga tauhan ang mga disenyo ng pagkaunawa. Binigyang-daan ng mga pulong na ito na ang mga pangkat ng proyekto at mga stakeholder na sumibol ang disenyo ng pagkaunawa, mabuo ang panggagalingan ng pagtitiwala at magtatag ng mga layunin ng proyekto. Sa kabuuan ng yugto ng masusing pagdidisenyo, ang pangkat ng proyekto ay masiglang nakikipag-ugnayan sa pangkat pamayanan upang malaman nila ang pinakahuli tungkol sa mga detalye ng proyekto kabilang an ang paglalagay ng mga bagay na sakop ng lugar ng proyekto.

5. Bakit natin inuumpisahan ang pagsasagawa ngayon?

   Ang pagbabalak sa Proyektong Folsom Streetscape ay sinimulan noong 2016 ang napagtibay ng batas noong 2019. Mula noong 2019, ang proyekto ay ngakapagbuo ng masusing disenyp, nakalikom ng dagdag na pondo, nakabuo ng mga pederal na pangkalikasang pagtatalaga, at natapos ang kasunduan para maumpisahan ang pagtatayo. Isinaalang alang rin nila ang katakdaan ng iba pang proyektong isinasagawa sa loob at paligid ng lugar ng proyekto upang maitugma sa umpisa ng pagtatayo. Ang oras ay ngayon upang mapaganda ang Folsom Street para sa lahat ng gumagamit ng daan ng may pagkaka iba't-iba at masiglang kapitbahayan.

6. Ano ang ng takdang-panahon ng pagtatayo?

   Ang pagtatayo ay inaasahang umpisahan sa gitna ng taon at mgtatapos sa huling bahagi ng 2026.

7. Sino ang mamumuno ng yugto ng pagtatayo?

   Ang San Francisco Public Works ang mangunguna sa yugto ng pagtatayo. Ang Public Works at ang SFMTA ay maglalaan ng mga pinakahuli sa pagtatayo at tutugon sa mga katanungan ng mga stakeholder at mga alalahanin. Bago ang pagtatayo, makikipag-ugnayang ang pangkat ng proyekto sa mga negosyo at naninirahan. Sa oras ng pagtatayo, magpapadala ng dalawang beses sa buwan/buwanang pinakahuling balita sa email sa mga naninirahan at mga stakeholder.

8. Paano matagumpay na isasagawa ng SFMTA ang malawakang pagpapagawa ng proyektong streetscape?

   Ang pangkat ng proyekto ay nakipagtambal sa pangkat ng Proyektong Streetscape ng SF Public Works upang isagawa ang Proyektong Folsom Streetscape. Ang pangkat na ito ay

nagsagawa na ng ibang proyekto ng SFMTA gaya ng Page Street Neighborway Project, Upper Market Corridor Safety Improvements Project, 19th Avenue Combined City Project and Lombard Street Vision Zero Project. Upang malaman ang iba pa tungkol sa Programang SF Public Works Streetscape, mangyaring panoorin ang isang webinar na isinagawa noong September 2021.

9. Ano ang magiging anyo ng pagpatatayo?

   Ang pagtatayo sa Kalsadang Folsom ay hindi isasagawa sa buong kalsada nang sabay-sabay, at paghahati hatiin sa maramihang mga bahagi..

   Unang bahagi 1 – 11th hanggang 8th street (nakatakdang umpisahan sa Marso 2024)

   Ikalwang bahagi – 8th to 5th streets

   Ikatlong bahagi – 5th to 2nd streets

10. Ang mga daanan ng mga naglalakad at daan patungo sa mga ng mga sasakyan at gusaling pangkalakal ay pananatiliin habang oras ng pagtatayo?

    Sa Pangkalahatan, oo. Dahil sa ito ay isang buong proyektong pangkalsada, ikaw ay makakakita ng maramihang gawain hindi lang sa mga lugar sa Folsom Street gayundin ang pagsasagawa ng pagpapahusay ng padaluyan at ibang gawaing pangkalsada. Pananatiliin sa pangkalahatan ang mga daanan ng naglalakad at mga daanan ng mga sasakyan, ngunit kung may kailangang isarang bahagi ng bangketa o daanan ng sasakyan, ang Sf Public Works ay magbibigay ng mga pinakahuling balita sa mga nakatira at negosyo sa nasasakupang lugar, kaya mangyaring magpatala para makakuha ng mga pinakahuling balita sa https://www.sfpublicsworks.org/FolsomSOMA.

11. Paano niyo paglalaanan ng daan ang mga nakatira sa mga daanang one-way?

    Ang SFMTA ay may pinalaganap ng kalatas at pinairal na trapikong bahagi sa ilalim ng Sangay ng mga Kalsada. Ang pangkat ay muling pinag-aaralan at pinagtitibay ang lahat ng panukalang pinalaganap na kalatas ng hakbang na imumungkahi ng gagawa. Bunga nito, ang lahat ng mga pangkat ay magtutulong upang matiyak ang daan sa mga kalsada ay mapanatili sa kabuuan ng yugto ng paggawa.

12. May mga ilang maliliit na mga negosyo at mga lugar na pang-aliw sa Folsom. Ipaliwanag ang inyong mga gagawin upang bigyan ng daan ang mga negosyong ito habang may pagtatayo.

    Sa pangkalahatan, ang daanan ay pananatiliing ng gagawa. Kung kinakailangan, magtatayo ang gagawa ng pansamantalang bakal na daanan o gawa sa kahoy na tulay upang mapanatili ang daanan.

13. Paano mababawasan ng proyektong maaring pagbabaha sa lugar na ito?

    Bilang bahagi ng Proyektong Folsom Streetscape, aayusin ang mga sa ilalim ng lupang

daluyan at agusang imprastruktura. Bilang pagtalima sa palakad na Green Streets ng Lungsod, ang mga dumaloy na tubigbagyo ay sasaluhin ng pagsasayos sa lupang magpapahintulot sa tubig na tumagos sa lupa, tulungang ang mapalakas ang tubiglupa, mabawasan ang maaaring usapin sa pagbaha, at mabawasan ang di magandang bunga nito sa pamamaraan ng daluyan ng Estado. Ito ay makakatulong  na makatiyak sa kakayahan ng pamamaraan ng daluyan ay hindi lalampas sa kakayahan at hindi tumagas ang hindi nagagamot na basurang tubig.

14. Lalagyan ba ng senyas ang mga tawirang nasa kitna ng daan?

Oo, ang mga sumusunod na mga tawirang nasa gitna ng daan ng Folsom Street ay lalagyan ng senyas:

- Folsom and Falmouth
- Folsom between 5th and 4th streets